## Kuwento 4 : Mangingisda ng mga tao

Talata sa Bibliya [Mateo 4:19]

**Sinabi Niya sa kanila, "Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao."**

Isang araw, Si jesus ay nag punta sa dagat ng Galilea kung nasaan si Pedro (isang mangingisda) na nangingisda kasama ang kaniyang nakakabatang kapatid na si Andres.

Sila ay labis na nadismaya ng wala silang nahuli na kahit isang isda sa buong gabi, si Pedro at Andres ay iniwan ang kanilang bangka sa gilid ng dagat at hinugasan nila ang kanilang lambat.

Si Hesus ay nagtungo sa tabing dagat. At sinundan sya ng napakaraming tao, Pagkatapos si Hesus ay pinagtawanan sa bangka ni Pedro at nangaral ng salita ng Diyos tungkol sa kaharian sa langit.

Pagkatapos niya mangaral, sinabi niya kay pedro

Pumunta ka sa malalim na tubig at ilagay mo ang lambat para makahuli ng isda.

Si Pedro at Andres ay bihasa sa pangingisda, Buong gabi nilang sinubukan na makahuli ng kahit na kaunting isda. Sinabi ni Hesus sa kanila na muling ihulog ang kanilang lambat. Maaring pagtawanan ni pedro at andres si Hesus, ngunit hindi nila ito ginawa sa halip sila ay nakinig.

Namangha si Pedro at Andres ng makita nilang ang lambat ay punong puno ng isda.

Nakahuli sila ng marami raming isda na halos masira na ang kanilang lambat.

Nakita ni Juan at Santiago ang pangyayari na naganap at sila ay lumuhod kay Jesus.

Sinabi ni Hesus sa kanila, Huwag kayong matakot simula ngayon kayo ay mamamalakaya ng mga tao at hindi na ng mga isda!

Hinila nila ang kanilang bangka sa tabi ng dagat, iniwan ang lahat, at si Pedro, Andres, Santiago at Juan ay naging disipulo ni Hesus.





Isang araw nakilala ni Hesus ang taong nag ngangalang Mateo. Si Mateo ay taga kolekta ng buwis. Sa panahong iyon, kinamumuhian ang mga taga kolekta ng buwis dahil sila ay nangongolekta ng sobra sobrang pera at ang mga tao ay tinatratong makasalanan si Mateo, Pero si Hesus ay lumapit kay Mateo at sinabi niya sa kaniya, sumunod ka sa'kin si Mateo ay tumayo at iniwan ang lahat, at siya ay sumunod kay Hesus.

Nang makita ng mga Pariseo si Hesus na naghahapunan sa bahay ni Mateo kasama ang iba pang taga kolekta ng buwis at iba pang makasalanan sila ay nagsimulang magalit. At sinabi ni Hesus

Hindi ang mga taong walang karamdaman ang nangangailangan ng mang gagamot, Bagkus ang mga taong may sakit.

Hindi ako naparito upang tawagin ang mga matutuwid sa halip ako'y naparito para sa mga makasalanan kaya naman ngayon ay kasama ko sila.

Kaya naman tinawag ni Hesus ang kanyang labing dalawang disipulo.

At ang mga disipulo ay sumunod kay Hesus sa loob ng tatlong taon at sila ay maraming natutunan sakanya.

At pagkatapos bumalik ni Hesus sa langit, ipinagpatuloy ng mga disipulo ang mga ginawa ni Hesus sa sanlibutan, ipinangaral nila ang kaharian ng Diyos at sila ay nagpagaling ng mga sakit!



**Gawain 1.** Itugma ang bawat tanong sa tamang sagot.


| | |
|---|---|
| Ilang taon nanirahan at tinuruan ni Hesus ang kanyang mga alagad? • | • Ang mga alagad ay nangaral tungkol sa kaharian ng Diyos at pinagaling ang mga maysakit. |
| Pagkatapos umakyat si Hesus sa langit, ano ang ginawa ng mga disipulo tulad ni Jesus? • | • Sina Pedro at Andres |
| Ano ang mga pangalan ng mga taong naghahagis ng lambat sa Dagat ng Galilea? • | • 3 Taon |


- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya (Mateo 4:19)**

Sinabi niya sa kanila, "Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao."

**Gawain 2.** Isulat ang mga pangalan ng 12 disipulo ni Jesus sa pagkakasunud-sunod at gumawa ng roleta.

▶ Mga Kagamitan : Gunting, pangkabit ng papel.




3. JAMES 12. FHILIP 8. BARTHOLOMEW 1. PETER 5. JOHN 10. JAMES (son of Alphaeus)
2. ANDREW 6. THADDAEUS 9. SIMON 11. JUDAS 7. THOMAS 4. MATTHEW